


**ISANG ISPESYAL NA DIKSYONARYONG BILINGGWAL  
SA PRINT AT BRODKAS MIDYA**

**Isang Disertasyon  
na Iniharap  
sa Paaralang Gradwado ng Kolehiyo ng mga Wika,  
Lingguwistika at Literatura  
Pamantasang Normal ng Pilipinas  
Maynila, Pilipinas**



**Bilang Bahagi ng Pagtupad  
sa mga Pangangailangan para sa Degring  
Doktor ng Pilosopiya sa Filipino**

**Christian George C. Francisco  
Marso, 2010**

## ABSTRAK

**Pamagat ng Disertasyon:** Isang Ispesyal na Diksiyaryong Bilinggwal sa  
Print at Brodkas Midya.

**Pangalan:** Christian George Celestial Francisco

**Paaralan:** Pamantasang Normal ng Pilipinas

**Degri:** Doktor ng Pilosopiya sa Filipino

### A. Mga Layunin:

**Pangkalahatan:** Makadelop ng isang diksiyaryong bilinggwal sa  
print at brodkas midya.

### Ispesipiko:

1. Makapagtala at mapili ang mga terminolohiyang gagamitin sa diksiyaryo.
2. Maisalin sa Filipino ang mga terminong napili.
3. Maipabalideyt ang diksiyaryo.
4. Makabuo ng diksiyaryong Ingles-Filipino sa  
Print at Brodkas Midya.

### B. Metodolohiya

Ginamit ang kwalitatibong pananaliksik sa kasalukuyang pag-aaral. Ayon kina Fraenkel at Wallen (p.87) ito ay tumutukoy sa pag-alam sa mga ugnayan, gawain, sitwasyon o materyal ng isang pangyayari. Nakapaloob din sa uring ito ang tinawag niyang deskriptibo o palarawang anyo ng

pamamaraan. Ito ang mga ginamit sa kasalukuyang pag-aaral upang makadebelop ng isang diksyonaryong bilinggwal sa print at brodkas midya. Ang pagbabagong ito ang tinutukoy nina Fraenkel at Wallen na isang penomenong nagaganap sa isang sitwasyon o disiplina.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay kinapalooban ng mga kalahok upang mataya ang nilikhang bilinggwal na diksyonaryo sa print at brodkas midya. Ang mga kalahok (mga eksperto at mga mag-aaral) ay nagbigay-pansin sa nilalaman o kawastuan ng salin.

Sa kabuuan, ang kasalukuyang pananaliksik, kaugnay sa pagbuo ng diksyonaryong bilinggwal sa print at brodkas midya ay kinapalooban ng labingwalong (18) hakbang: (1) Pangangalap ng Entri, (2) Preliminaryong Pagpili sa mga Entri, (3) Kongkretisasyon ng mga Entri, (4) Pagtutumbas ng Entri sa Filipino, (5) Pagtataya sa Bahagi ng Pananalita, (6) Paglalapat ng mga Kahulugan, (7) Aktwal na Pagsasalin sa Filipino ng mga Kahulugan, (8) Unang Elektronikong Pagtatasa sa mga Entri at Kahulugan, (9) Ebalwasyon ng Salin, (10) Pagbasa sa Salin ng isang Leksikograper, (11) Unang Rebisyon ng Diksyonaryo, (12) Balidasyon ng mga Experto sa Pagsasalin, (13) Ikalawang Rebisyon ng Diksyonaryo, (14) Balidasyon mula sa mga Mag-aaral, (15) Ikatlong Rebisyon ng Diksyonaryo, (16) Pagsusulit-basa Gamit ang Voice Recording, (17) Paghahanda ng Pinal na Awtpat, (18) Ikalawang Elektronikong Pagtatasa sa mga Entri at Kahulugan.

### C. Paglalagom

Sa kabuuan, mula sa 2, 950 na leksim, ito ay bumaba sa bilang na 950 hanggang sa maging 892 batay na rin sa siyentipikong prosesong isinagawa ng mananaliksik at masusing balidasyon ng mga eksperto sa larangan ng wika, pagsasalin, leksikograpiya, akademya at higit sa lahat, sa masmidya.

Ang nasabing mga entri ay kinabilangan ng walong daan at tatlumpu't tatlong (833) pangngalan, apatnapu't tatlong (43) pandiwa at labing anim (16) na pang-uri. Matapos nito, hinanapan ng mananaliksik ng katumbas sa Filipino ang mga leksim, samantala, ang mga walang katumbas ay nanatili sa orihinal nitong anyo. Tinukoy rin kung anong bahagi ng pananalita ang bawat leksim. Ang sumunod na prosesong isinagawa ay ang pagsasalin ng mga multipol na kahulugan ng bawat entri sa Filipino.

Sa kabilang dako, nagsagawa ng readability o pagbasa ang pag-aaral na ito mula sa isang leksikograper upang tayain ang kawastuan at kadulasan ng salin, at saka tuluyang ipinamahagi sa mga balideytor ng pag-aaral: dalawa mula sa akademya, dalawa sa larangan ng wika, pagsasalin at leksikograpiya, dalawang midya praktisyoner (lokal at internasyonal), dalawampung mag-aaral ng kursong midya at pamamahayag, at labindalawang mag-aaral ng komunikasyon para sa pagsusulit-basa.

Sa pagtataya sa datos istatistikal, ginamit ang iskala ni Likert na minodipika nina Otero et al. (p.9) sa kanilang Glosari ng Edukasyon na

inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino sa UP-Diliman. Ang batayan ng iskala ay 4 - Lubos na Katanggap-tanggap, 3 - Katanggap-tanggap, 2 - Hindi Gaanong Katanggap-tanggap at 1 - Di-Katanggap-tanggap. Lumabas sa resulta ng mga eksperto ang iskor na 3.72 (4 ang *pinakamataas*) bilang pangkalahatang pagtataya sa isinagawang pagsasalin. Katumbas nito ang kategoryang "Lubos na Katanggap-tanggap". Sa kabilang dako, sa balidasyong isinagawa naman ng mga mag-aaral, nagkaroon din ng iskor na 3.72, bagaman, tanging may iisang entri ang nakakategorya sa "Hindi Gaanong Katanggap-tanggap."

#### **D. Mga Konklusyon**

Sa pag-aaral na ito napatunayan ang sumusunod:

1. Maituturing na epektibo ang ginawang pagsasalin batay na rin sa resulta ng pagtanggap mula sa mga kalahok ng pag-aaral. Lumabas dito na may average na 3.72 (4.00 ang *pinakamataas*) ang antas ng pagtanggap ng mga ekspertong balideytor gayundin ng mga mag-aaral na balideytor sa dinibelop na diksyonaryong bilinggwal sa print at brodkas midya. Ipinakikita nito na kapwa pareho ang naging pagtanggap sa diksyonaryo ng dalawang magkaibang set ng mga balideytor at nagpapatunay sa kabisaan ng pagsasalin na isinagawa ng mananaliksik.
2. Naging siyentipiko ang pagkakapili ng mga entri sa ginawang diksyonaryo sa dahilang ang mga entri ay pinili sa mga sanggunian at aklat pangmidya na

ginagamit din sa mga kursong pangmidya at komunikasyon. Gayundin, isinagawa ang balidasyon ng mga propesor sa kursong pangmidya at brodkaster sa telebisyon.

3. Napatunayan din ng mananaliksik sa pag-aaral na ito na may mga leksim na maaaring lagyan ng tiyak na katumbas sa Filipino. Halimbawa nito ay ang salitang "fold" na tinumbasan sa Filipino na "tupi." Isa pang halimbawa ay ang salitang "journalist" na may katumbas na "mamamahayag." Gayundin, may mga leksim na kailangang mapanatili sa internasyonal nitong katangian gaya ng mga salitang "satellite dish" at "zoom lens." Isinagawa ito upang hindi mabago ang teknikal na pagkakakilanlan ng mga ito.


4. Ang kasalukuyang pananaliksik ay gumamit ng labingwalong hakbang tungo sa pagbuo ng diksyonaryo. Kaiba sa mga nauna nang pag-aaral na may limitasyon sa pagdebelp ng diksyonaryong bilinggwal.

#### **E. Rekomendasyon**

Inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod:

1. Maaaring magamit ang binuong diksyonaryo ng mga mag-aaral na nakaenrol sa mga kursong may kaugnayan sa midya.
2. Maaaring makapagsagawa ng iba pang diksyonaryong bilinggwal sa Advertising, Public Relations, Photography, Film, New Media at mga area ng mass media tungo sa pagpapalawak at pagpapayaman sa wikang Filipino.

3. Mahalaga rin sa mga susunod na pag-aaral na tulad nito na isama ang etimolohiya ng bawat salita upang mas maging kongkreto at mas maging malalim pa ang materyal na bubuuin.
4. Maaari ring makadebelop ng isang interaktibong diksyonaryong pangmidya gaya ng talking dictionary o computer-assisted dictionary upang umangkop sa kasalukuyang panahon ng impormasyon.
5. Magsagawa rin ng iba pang pag-aaral sa pagbuo ng media slang dictionary na nakatuon sa midya sa Pilipinas.



## TALAAN NG NILALAMAN

<b>Pamagat na Pahina .....</b>	<b>1</b>
<b>Dahon ng Pagsang-ayon .....</b>	<b>2</b>
<b>Abstrak .....</b>	<b>3</b>
<b>Pasasalamat .....</b>	<b>9</b>
<b>Talaan ng Nilalaman .....</b>	<b>14</b>
 <b>Kabanata 1: Kaligiran at Layunin ng Pag-aaral</b>	
Panimula .....	17
Batayang Konseptwal .....	24
Paradimo ng Pag-aaral .....	27
Layunin ng Pag-aaral .....	28
Kahalagahan ng Pag-aaral .....	28
Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral .....	30
Depinisyon ng Termino .....	32
 <b>Kabanata 2: Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral</b>	
Mga Kaugnay na Literatura	
Leksikograpiya .....	35
Pagsasaling-wika .....	39
Filipino sa Iba't Ibang Larangan .....	49
 Mga Kaugnay na Pag-aaral	
Sa Paggawa ng Glosaryo at Diksiyonaryo .....	54



Pagsasalingwika .....	54
Síntesis .....	58

### **Kabanata 3: Pamamaraan ng Pag-aaral**

Disenyo ng Pananaliksik .....	60
Mga Kalahok sa Pag-aaral .....	61
Mga Balideytor .....	62
Proseso sa Pagbuo ng Diksiyaryong Bilinggwal .....	63
Balidasyon ng Instrumento .....	71
Datos Istatistikal .....	72

### **Kabanata 4: Presentasyon at Pagsusuri ng mga Datos**

1. Pagpili ng mga Terminong Gagamitin sa Diksiyaryo .....	75
2. Paglalagay ng Bahagi ng Pananalita sa Bawat Leksim .....	80
3. Pagsasalin at Pagtutumbas sa Filipino ng mga Terminong Napili .....	81
4. Balidasyon ng Diksiyaryo.....	84
5. Rebisyon ng Diksiyaryo .....	89
6. Pinal na Diksiyaryo.....	93
7. Ambag ng Pag-aaral sa Larangan ng Pagsasalin at Leksikograpiya .....	94

## Kabanata 5: Buod, Kongklusyon at Rekomendasyon

Buod .....	96
Kongklusyon ng Pag-aaral .....	98
Rekomendasyon .....	100

<b>Bibliograpi .....</b>	<b>101</b>
--------------------------	------------

## Apendiks

Apendiks A (Diksiyaryong Bilingwal sa Print at Brodkas Midya) .....	105
Apendiks B (Liham sa Unang Serye ng Tseklis) .....	193
Apendiks C (Liham sa Pangalawang Serye ng Tseklis) .....	194
Apendiks D (Liham sa mga Ekspertong Balidyetor) .....	195
Apendiks E (Liham sa mga Mag-aaral na Balidyetor) .....	196
Apendiks F (Liham sa Local Superior ng St. Paul) .....	197
Apendiks G (Unang Serye ng Tseklis) .....	198
Apendiks H (Ikalawang Serye ng Tseklis) .....	199
Apendiks I (Pangkalahatang Komento ng mga Balidyetor) .....	306
Apendiks J (Talaan ng mga Kalahok ng Pag-aaral) .....	307
Apendiks K (Kategorya ng Salin).....	309